

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Germ Cell Tumors

Ano ang Germ Cell Tumors?

Ang Germ cell tumors ay binubuo ng iba't ibang uri ng tumor na maaring matagpuan sa iba't ibang bahagi ng ating katawan. Ito ay nagmumula sa tinatawag na "primitive cells" o selyula kung saan binubuo ang obaryo ("ovaries") ng babae at itlog sa bayag ("testes") ng lalaki. Samantalang ang prosesong ito ay ginaganap, ang mga "primitive cells" ay kumikilos din patungo sa ibang bahagi ng katawan katulad ng: utak, dibdib, tiyan at balakang. Sa di inaasahang pangyayari, maaring magkaroon ng problema sa prosesong ito at maging sanhi ng pagkakaroon ng tumor.

Maraming uri ng germ cell tumors at ang bawat isa ay nagkakaiba-iba batay na rin sa anyo nito sa ilalim ng "microscope" ("histology") at kung ito ay "benign" (hindi nakakamatay) o "malignant" (kanser at nakakamatay). Kabilang sa germ cell tumors ay ang mga sumusunod: 1.) teratoma (mature or immature), 2.) germinomas (seminoma sa lalaki at dysgerminoma sa babae), 3.) endodermal sinus tumor o yolk sac tumor, 4.) embryonal carcinoma at 5.) choriocarcinoma.

Ano ang sanhi ng Germ Cell Tumors?

Sa kasalukuyan ay hindi pa alam ang tunay na sanhi ng germ cell tumors, **bagama't may mga bagay na maaaring may kinalaman o impluwensiya sa pagkakaroon** ng sakit na ito. Kabilang dito ang pagkakaroon ng mga namamanang karamdaman dulot ng depektibong "gene", mga batang isinilang taglay ang depektibong "chromosome" na sumasanhi sa hindi maayos na pagbuo ng pangbabae at panglalaking kasarian, at ang hindi ganap na pagbaba ng itlog sa bayag ("undescended testes").

Anu-ano ang mga sintomas o palatandaan ng Germ Cell Tumors?

Ang mga senyales at sintomas ng germ cell tumors y nagkakaiba't iba ayon sa bahagi ng katawan na apektado ng tumor. Karaniwan itong makikita sa itlog sa bayag ng lalaki, obaryo naman sa babae at sa butong bahagi ng pigi ng sanggol. Maaari ring maapektuhan ang utak, dibdib, tiyan at balakang ng tumor na ito.

Bukod sa pagkakaroon ng bukol sa apektadong bahagi ng katawan, ang iba pang mga palatandaan na maaring makita ay ang mga sumusunod: pagduduwal, pagsusuka, pag-ubo o hirap sa paghinga, paglaki ng tiyan, hirap sa pagdumi, panghihina ng mga binti at iba pa.

Paano malalaman kung ang isang bata ay may Germ Cell Tumors?

Kung ang isang bata ay may isa o higit pa sa mga senyales at sintomas na nabanggit, isang maingat na pagsusuri ang kailangang gawin. Kabilang dito ang pagtatanong sa pangkalahatang kalusugan ng bata at ng mga kapamilya at eksaminasyon ng buong katawan lalo na ang mga bahagi ng katawan na malimit maapektuhan ng sakit na ito. Ito ay mahalaga upang matukoy ang antas ng tumor at kung ito ay kumalat na sa ibang bahagi ng katawan.

Mahalaga ring kumuha ng sapat na bahagi ng tumor na kung tawagin ay "biopsy" para ito ay masuri ng isang pathologist sa ilalim ng "microscope" at matukoy ang uri ng germ cell tumor mayroon ang bata.

Makakatulong din ang pagsusuri ng dugo para sa "tumor markers". Sa pamamagitan nito, maaring malaman kung nagtataglay ang tumor ng di pangkaraniwang mataas na antas ng "alpha fetoprotein" (AFP) at "human chorionic gonadotropin" (B-HCG), isa sa mga katangiang maaaring matatagpuan sa mga batang may sakit ng germ cell tumor.

Kinakailangan ding sumailalim ang bata sa mga espesyal na eksaminasyon katulad ng "abdominal ultrasound", "computed tomography (CT) scan", o kaya "magnetic resonance imaging (MRI)" para mas ganap na makita ang bahagi ng katawan na nasaklaw ng tumor at alamin kung ito ay kumalat na sa ibang bahagi ng katawan.

Ang iba pang mga pagsusuri na mahalaga sa pagtukoy ng sakit na germ cell tumors ay ang mga sumusunod: eksaminasyon sa dugo, atay at bato, bahagi ng dugo na nagpapaampat ng pagdurugo ("coagulation test") at ihi.

Ano ang ibig sabihin ng "staging"?

Ang "staging" ay isang pamamaraan na sinusunod upang malaman kung ang tumor ay nasa isang bahagi pa lamang o kung kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan. Ang pagbatid sa antas o "stage" ng isang batang may germ cell tumor ay mahalaga hindi lamang sa pagpapalano ng angkop na paggamot, kung di upang mabatid din ang potensyal nitong gumaling.

Maraming uri ng pag-aantas na ginagamit batay sa uri ng germ cell tumors. Ito ay ipaliliwanag sa inyo ng inyong "oncologist" na may sapat na kaalaman tungkol sa sakit na ito.

Paano pina-plano ang paggamot sa batang may Germ Cell Tumors?

Ang pag-gamot ng mga batang may kanser tulad ng germ cell tumors, ay naaayon sa antas o “stage”, anyo ng tumor batay sa pagsusuri sa ilalim ng “microscope” (“histology”), at ang kakayahang matanggal ang tumor sa pamamagitan ng operasyon.

Bukod sa inyong “pediatric oncologist” o espesyalista sa kanser ng bata, maraming doktor na may sapat na kaalaman sa sakit na ito ang magtutulong-tulong upang maibigay ang angkop na paggamot sa sakit na germ cell tumors. Kabilang sa mga ito ay ang mga sumusunod: pediatric surgeon, radiologist, radiation oncologist, oncology nurses, pharmacist, psychologists, social workers, at iba pa.

Paano ginagamot ang Germ Cell Tumors?

Bagama’t maraming pamamaraan ng paggamot, mahalaga na isaalang-alang ang antas ng tumor at kung ito ay ganap na matatanggal sa pamagitan ng operasyon para sa magiging pangkalahatang kahihinatnan ng batang may sakit nito.

Ang germ cell tumors ay karaniwang ginagamot sa pamamagitan ng operasyon o pagtanggali ng tumor, ang pagbibigay ng mga espesyal at matatayang gamot na kung tawagin ay “chemotherapy” at ang tinatawag na “radiation therapy”. Sa kabuuan, ang pinakaangkop na paggamot ay naaayon sa uri ng tumor, kung ito ay “benign” (di nakakamatay) o “malignant” (kanser at nakakamatay) at kung ito ay magiging epektibo sa tuluyang paggaling ng bata.

Ang pagsasagawa ng operasyon upang ganap na matanggal ang tumor ay mahalaga sa paggaling ng batang may germ cell tumor. Subali’t kung ang tumor ay lubhang malaki na, kakailanganin ang pagbibigay ng “chemotherapy” at/o “radiation therapy” para ito ay mapaliit bago isagawa ang operasyon. Para sa mga batang may tumor na “benign” o di kaya “malignant” nguni’t nasa isang bahagi lamang ng katawan at hindi pa kumalat, ang pagsasagawa ng operasyon ay sapat na upang gumaling sa sakit na germ cell tumor.

Layunin ng “chemotherapy” ang pagpuksa sa tumor sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng iba’t ibang matatayang gamot na maaaring ipainom, iturok sa laman o ipadaan sa ugat (“systemic therapy”).

Ang “radiation therapy” ay ginagamit ayon sa pangangailangan ng batang may germ cell tumor at kung ang uri ng tumor ay sensitibo sa pamamaraang ito. Ito ay gumagamit ng malakas na uri ng enerhiya na nagmumula sa isang makina (“high energy x-rays”) upang patayin ang tumor. Ito ay isinasagawa ng isang radiation oncologist na may dalubhasang kaalaman tungkol sa paggamit nito.

Para sa mga batang may malubhang sakit at kalat na ang tumor sa ibang bahagi ng katawan, maaari itong sumailalim sa tinatawag na “blood stem cell” o “bone marrow transplantation. Ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagbibigay sa batang may germ cell tumor ng mas matatayang gamot kasunod ng pagbibigay ng sarili niyang malusog na “blood stem/bone marrow cells” na dati nang tinipon at inimbak sa isang espesyal na “freezer” (“autologous transplant”). Ito ay hindi isang operasyon; bagkus, ang mga “blood stem cells” ay isinasalin sa pamamagitan ng ugat kagaya ng pagsalin ng dugo.



Ang mahalagang impormasyon na ito ay mula sa pagsisikap ng Philippine Society of Pediatric Oncology, Inc. (PSPO), isang kasapi ng samahan ng Philippine Pediatric Society (PPS). Para sa iba pang katanungan tungkol sa paggamot ng sakit na ito, hinihikayat ang pagkonsulta sa inyong “pediatric oncologist” na may dalubhasang kaalaman tungkol dito.